Republic of Philippines
Province of Oriental Mindoro
PINAMALAYAN

# Office of the Sangguniang Bayan

KAUTUSAN BLG. 06-96

ALITUNTUNIN SA WASTONG PAGGAMIT NG PALIKURANG PAMBAYAN NA NASA LOOB NG PAMILIHANG BAYAN.

Mahigpit na ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Pinamalayan, Silangang Mindoro na :

Seksyon 1. Isakatuparan ng bawa't mamamayan ang mga alituntunin sa wastong paggamit ng palikurang pambayan sa loob ng palengke;

Seksyon 2. Ang palikurang pambayan ay mananatiling bukas araw-araw mula alas singko (5:00) ng umaga hanggang alas singko (5:00) ng hapon; [illegible];

Seksyon 3. Gagamitin ng wasto ang palikuran upang mapanatili ang kalinisan nito;

Seksyon 4. Ipinagbabawal ang paliligo sa palikuran;

Seksyon 5. Tatanggap ng donasyon sa mga gagamit ng palikuran ng halagang ipagkakaloob nila;

Seksyon 6. Ano mang dagdag na alituntunin na kinakailangan sa ikapapanatili ng kalinisan nito ay binibigyan ng kapangyarihan ang "Sanitary Inspector" na magsagawa nito;

Seksyon 7. Ang sino mang lumabag sa alituntuning ito ay magmumulta ng hindi bababa sa halagang isang daang piso (₱100.00) at hindi lalampas sa halagang isang libong piso (₱1,000.00) at pagkabilanggo ng hindi bababa sa limang araw (5 days) at hindi lalampas sa isang buwan (1 month). Ang pagpapataw ng parusa ay naaayon sa bigat ng kasalanang nagawa. Binibigyang kapangyarihan ang husgado na maghatol;

Seksyon 8. Kaagad na magkakabisa ang kautusang ito pagkatapos na ito'y pagtibayin.

Pinagtibay : Ika -1 ng Abril, 1996.

KGG. SUSAN E. COBRADO
Kagawad

KGG. VIRGILIO C. YUMANG
Kagawad

KGG. FORTUNATO J. LOZANO
Kagawad

KGG. QUINTIN S. MARAMOT, JR.
Kagawad

KGG. MARCELITO N. MAPACPAC
Kagawad

KGG. ISMAEL M. MADRID
Pangulo ng ABC, Kagawad

Pinatutunayan :

CIPRIANO R. MADRIGAL
Kalihim Bayan

Nagpatotoo :

KGG. ARNEL G. ABRENICA
Tagapangulo

Pinagtibay :

KGG. WILFREDO L. HERNANDEZ
Punong Bayan